# Mga Instruksiyon sa Tagapagsilbi ng Proseso

## *Pagsisilbi ng Abiso sa Mahinang Adulto*

Isilbi mo ang abisong ito at ang mga kasamang dokumento sa isang mahinang adulto.

Dinisenyo ang abisong ito para ipaliwanag ang dokumento sa simpleng pananalita.

Gayunman, maaaring hindi kayang basahin ng mahinang adulto ang dokumento.

- Pakisuyong maingat na tanungin ang mahinang adulto kung gusto niyang ipabasa nang malakas ang abiso.
- Hangga't maaari, isilbi ito sa mahinang adulto kapag walang taong makakarinig sa paligid.
- Kung sasang-ayon ang mahinang adulto na basahin mo ang dokumento, mangyaring basahin ang dokumento nang marahan at maliwanag.
- Pakisuyong bigyang-diin ang pangalan at numero ng telepono ng indibidwal na makapagbibigay ng tulong para sa pag-aasikaso sa may kapansanan. Ang impormasyong ito ay nakasaad sa huling linya sa ikalawang pahina ng Abisong ito.

Salamat sa iyong konsiderasyon.